gikan sa
# SILYAB
an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu I
Taon XLV Blg. 1

**Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol**

## Superbagyo ng terorista at pahirap na rehimeng US-Duterte, pinakamasahol na sakuna



*Mga tanimang lubog pa rin sa putik. Mga bahay na walang bubong at yupi-yupi ang haligi. Mga komunidad na natabunan ng gumuhong lupa at naglalakihang bato. Daan-daang buhay ang nawala habang milyun-milyong iba pa ang nasugatan, nawalan ng kabuhayan at tirahan.*

Ito ang larawang iniwan ng sunud-sunod na sakunang humambalos sa rehiyong Bikol at buong bansa nitong nagdaang 2020. Dumagdag ang naturang mga sakuna sa mabigat nang pasanin ng masa dahil sa krisis dulot ng pandemyang Covid-19. Sa muling pagsisimula ng panahon ng tag-ulan ngayong 2021, patuloy pa ring nagsisikap ang mamamayang bumangon mula sa labis-labis na pinsalang naglugmok sa kanila sa higit pang kahirapan at kagutuman.

Ngunit habang hindi magkamayaw ang masang anakpawis sa paghahanap ng paraan upang makabangon, patuloy namang ipinagkikibit-balikat, at ipinagyayabang pa nga, ng rehimeng US-Duterte ang kriminal na kapabayaan at kainutilan nito.

## Sakuna ng neoliberalismo ang nagpapalubog sa bayan

Ang pinsala ng mga natural na kalamidad na tumatama sa bansa ay ilang daang ulit na pinalalala ng napakatagal nang pangangayupapa ng reaksyunaryong estado sa interes ng iilang lokal at dayuhang naghaharing-uri. Mula nang sinakmal ng neoliberalismo at globalisasyon ang bansa, idinulot nito ang walang kapantay na pagsasamantala, pagwasak sa likas na yaman at kalikasan at pagpapahirap sa dati nang gutom na mamamayan. Samantala, ihinahain naman ang hindi maubus-ubos na yaman at kapangyarihan para sa mga ahente ng imperyalismo, mga lokal na panginoong may-lupa, malalaking burgesya komprador at burukrata kapitalista.

Humina nang humina ang kakayahan ng bansang patatagin ang mga larangan ng lokal na ekonomya. Karugtong nito, nawalan ng kapasidad ang bansang maglatag ng epektibo, napapanahon at sapat na pagtugon at paghahanda laban sa mga kalamidad. Sang-ayon sa doktrina ng neoliberalismo, linustay ng parada ng mga dambuhalang minahan, *quarrying,* proyektong pang-imprastruktura at kumbersyon ng lupa para sa turismo, libangan at iba pang mga negosyo ang kalikasan ng bansa. Binutas ang mga kabundukan, bulubundukin at mga burol, kinalbo ang mga kagubatan, pinuno ng putik ang mga ilog at sapa at dinambong ang lahat ng rekursong makukuha mula sa mga ito. Ayon sa Bureau of Soil and Water Management, 70.5% ng kagubatan ng bansa ang lubhang nawasak na.

**Humina nang humina ang kakayahan ng bansang patatagin ang mga larangan ng lokal na ekonomya.**

Sa ilalim ni Duterte, binigyang-prayoridad ang mga programang tulad ng Build Build Build (BBB) at National Land Use Act (NLUA) na sumusuhay sa pagwasak ng kagubatan at mga pampublikong lupain sa kanayunan. Dahil dito, hindi nakapagtataka ang mga balita ng mga komunidad na rinagasa ng baha at gumuhong lupa, mga nawasak na *dam, watershed, seawalls* at iba pa.

Habang sinisimot ng mga dayuhang mamumuhunan ang likas na yaman ng bansa, binabaha naman nito ng sobrang produkto ang lokal na merkado. Dahil sa liberalisasyon ng agrikultura at iba pang susing larangan ng pambansang ekonomya, sadyang matagal bago makabawi ang bansa mula sa malulubhang pinsala tulad ng idinulot ng mga nagdaang kalamidad. Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte naitala ang pinakamaliit na paglago ng sektor ng agrikultura sa loob ng 70 taon. Sa ikatlong kwarto ng 2020, lalo pa itong lumiit. Sa bisa ng Rice Tariffication Law (RTL), nagsimulang palakihin ang bolyum ng inaangkat na bigas ang bansa noong 2019. Naganap ito kahit sa gitna ng pinakamalaking depisito sa kalakalan sa sektor ng agrikultura.

Ibinunga ng RTL at iba pang batas tulad nito ang higit pang pagkakatali ng ekonomya ng Pilipinas sa mga dayuhang bansa at ang masaker ng kabuhayan ng mga magsasaka, manggagawang bukid at iba pang manggagawang agrikultural. Nang tumama ang sunud-sunod na bagyo sa bansa mula ikatlong kwarto ng 2020, nawala ang 1.1 milyong trabaho sa sektor ng agrikultura. Katumbas ito ng 70% ng kabuuhang 1.5 milyong trabahong nawala mula Hulyo hanggang Oktubre 2020.

Umabot naman sa P12.7 bilyon ang pinsala sa agrikultura ng tatlong *supertyphoon* mula Oktubre hanggang Disyembre 2020. Umabot sa 493,351 metriko toneladang agrikultural na produkto ang nawala sa 323,432 ektaryang lupaing binayo ng bagyo. Hindi bababa sa 209,040 magsasaka ang apektado ang kabuhayan.

Sa Kabikulan, aabot sa P4.75 bilyon ang pinsala ng naturang mga bagyo sa lokal na agrikultura. Isa sa pinakamalubhang tinamaan ay ang prubinsya ng Catanduanes - isa sa nangungunang prodyuser ng abaka. Dahil sa mga bagyo, bumagsak nang 30% ang produksyon ng abaka tungong 50,000 metriko tonelada. Ito ang pinakamaliit na produksyon ng naturang pananim sa loob ng 20 taon. Katumbas ito ng P2.1 bilyong mawawalang kita ng mga magsasaka.

Sa harap ng nakakalulang pinsalang ito, walang anumang kongkretong hakbang ang reaksyunaryong estado upang itulak ang pagbangon ng bansa. Lalo pa ngang nagkandarapa ang rehimeng US-Duterte na itulak ang neoliberal na disenyo at interes ng lokal at dayuhang naghaharing-uri dahil sa nalalapit nang eleksyon 2022. Kapalit ng suporta sa kanyang pangkatin, pinaiingay na naman ng kampo ni Duterte ang usapin ng Charter Change. Pinakaaasam-asam ng mga imperyalista at dayuhang mamumuhunan ang tuluyang pagbuyangyang ng lokal na ekonomya ng bansang idudulot ng Chacha.

## May badyet sa pasismo at terorismo, wala para sa ayuda at rehabilitasyon

Sa sukdulang kabulukan ng rehimeng US-Duterte, tahasan niyang inuna ang pagwawasiwas ng walang patumanggang gera laban sa mamamayan kaysa suportang pangkagalingan para sa sambayanang Pilipino.

Habang bumubuhos ang bilyun-bilyong pondo para sa pasismo at terorismo, sistematiko namang kinakaltasan ang badyet para sa paghahanda sa kalamidad, ayuda at rehabilitasyon. Noong 2020, kakarampot na P16 bilyon ang pondong nakalaan para sa kalamidad. Katumbas lamang ito ng 0.37% ng kabuuhang badyet ng gubyerno.

Kapos ang pondong ito gayong napakalaki ng pangangailangan ng bansa dahil sa bulnerabilidad nito sa mga natural na kalamidad gaya ng mga bagyo. Ayon sa Global Facility for Disaster Reduction and Recovery (GFDRR), lampas 81 milyong Pilipino ang bulnerable sa mga kalamidad. Sa isang taon, 20 bagyo ang pumapasok sa teritoryo ng bansa.

Sa Kabikulan, naglaan lamang ng P592.4 milyon para sa ayuda sa mga magsasaka. Iilang pakete ng *noodles*, de-lata at iilang kilo ng bigas lamang din ang natanggap ng mga naapektuhan ng bagyo. Samantala, daan-daang milyon naman ang winawaldas ng militar at pulis para sa mga walang katuturang operasyong militar. Kahit sa gitna ng pananalasa ng mga bagyo noong huling kwarto ng taon, nakapagtala pa rin ng 14 kaso ng paglabag sa karapatang tao at hindi bababa sa walong operasyong militar.

Milyun-milyon din ang nakukurakot ng mersenaryong hukbo mula sa hungkag na programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) at Barangay Support Program (BSP) ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

## Matatag na moog ng sambayanan laban sa baha ng reaksyon

Sa dami ng unos na humambalos sa sambayanang Pilipino, nahinang na ng panahon ang katatagan ng bawat isa. Binabaluktot ng reaksyunaryong estado ang katatagang ito upang udyukan ang masang magtiis na lamang at huwag nang magreklamo. Ngunit malinaw sa sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan na ang tunay na katatagan ay hindi katumbas ng pananahimik na lamang. Kinakailangan ang organisadong pagkilos upang papanagutin ang delubyo ng pangkating Duterte na sumalanta at wumasak sa buhay at kabuhayan ng milyun-milyong Pilipino.

**Ngayon ang panahon ng matatag na pagsagupa sa baha ng reaksyon upang maipagtanggol ang mga karapatan at demokratikong interes ng masang inaapi at pinagsasamantalahan. Tinatangkang lunurin ng pasismo at terorismo ni Duterte ang lahat ng napagtagumpayan at inabot ng sambayanang lumalaban. Marapat lamang na tipunin at bigkisin ang lahat ng lakas, tapang at talino ng bawat isa upang tuluyan nang wakasan ang kanyang paghahari. Tanging sa matatag na pagsuong sa landas ng pakikibaka at aktibong pagbigo sa kaaway makapagsisimula ang tunay na pagbangon ng lipunang Pilipino mula sa bagyo ng pang-aapi at pagsasamantala.**

## TABANG BIKOL: Pagbangon sa Sakuna at Pagpapaunlad


Tumambad sa masang Bikolano ang matinding pinsalang dulot ng bagyo. Tila mga poste ng kuryente ang mga puno ng niyog. Napatag ng baha ang mga dating mayayabong na taniman ng saging, abaka, mais, gulay at iba pa. Ilang buwan matapos na manalanta ang sunud-sunod na bagyo, maraming pamilya pa rin ang nananatili sa mga *evacuation center* at hindi pa muling nakapagtayo ng kanilang mga bahay. Pabawas nang pabawas, kung hindi tuluyan nang itinigil, ng reaksyunaryong gubyerno ang kinurakot at ipinagdamot na ayudang inaasahan sana ng mga nasalanta ng bagyo.

Sa kabila nito, muling napatunayan ng masang Bikolanong walang hindi malalampasan sa pamamagitan ng sama-sama at koordinadong pagkilos at pakikipagtulungan. Narito ang ilang karanasang maaaring mapaghalawan ng aral at inspirasyon para sa tuluy-tuloy na pagbangon at rehabilitasyon.

### Brgy. Lansones: Koordinado at Kolektibong Pagharap sa Sakuna

Naging maagap ang komiteng seksyon sa Brgy. Lansones sa pagtulong sa kanilang mga kababaryo matapos ang bagyo. Bilang panimula, kagyat na nagpulong ang mga organisasyong masa at Sangay ng Partido sa Lokalidad upang mapagplanuhan kung paano makakakalap ng *relief goods.* Kalakhan nito ay nagmula sa mga sobrang naimbak ng mayayamang magsasaka at iba pang nakaaangat sa buhay sa baryo. Matapos ang Bagyong Ulysses, pinangunahan na ng mga samahan ng kababaihan, magsasaka at kabataan sa baryo ang pamimigay ng *relief.*

*"Marami ang natipon, ngunit higit na malaki pa ang pangangailangan ng taumbaryo. Pamatid-gutom lamang ang relief goods na ito sa taumbaryo kaya kailangang itulak ang isang pangmatagalang plano para sa paghahanda sa mga sakuna at rehabilitasyon,"* ani Ka James, isa sa mga kasapi ng komiteng seksyon sa Brgy. Lansones.



Kabilang sa mga pangmatagalang plano para sa rehabilitasyon ng Brgy. Lansones ang pagpapasigla ng kanilang grupong tulungan at muling pagtatanim kapag bumuti na ang panahon. Mulat silang ang tanging pamamaraan upang matiyak ang kanilang kagalingan ay ang pagpupundar ng ekonomyang nakaasa-sa-sarili.

*"Sayang talaga ang mga gulay na inanod dahil sa baha! Ang dami na sanang pwedeng anihin ngayon. Tapos, ilang taon ang bibilangin bago pa muling makabawi ang mga niyugan. Ngunit ito na ang panahon ng pagbangon. Nangangalap na nga kami ng mga binhi para makapagtanim ulit. Hahanap din kami ng pamamaraang mapaunlad ang taniman upang hindi madaling bahain. Sa kabilang sityo, plano na nilang magtanim ng kamoteng kahoy at kamoteng baging,"* dagdag ni Ka James.

### Brgy. Avocado: Pagtanggol at Pagtuwang sa Masa

Hindi natinag ng nagpapatuloy at tumitinding operasyon ng AFP-PNP-CAFGU ang mga yunit ng BHB na umagapay sa masang anakpawis sa pagbangon mula sa bagyo. Bagkus, itinuring nila itong hamon sa pag-oorganisa. Isang halimbawa na ang yunit ng BHB sa Brgy. Avocado. Tiniyak ng yunit na tumulong sa pagtatayo ng mga bahay at iba pang pasilidad at maglinis ng kalsada at taniman sa lahat ng madaanan nila.

Pamalagian ding dinidiinan ng yunit ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos. Walang kapaguran nilang ipinapaliwanag sa

taumbaryo ang bisa ng pagtatayo ng mga grupong tulungan at pagpapalawak ng mga organisasyong masa.

*"Higit na nagiging matingkad ang bisa ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan sa panahon ng sakuna. Narito ang Pulang hukbo upang patuloy na pukawin at organisahin ang mamamayan upang lalo pang itulak ang pagsulong ng mga programa tulad ng reporma sa lupa,"* paliwanag ni Ka Dana, isa sa mga upisyal ng BHB sa prubinsya.

Makailang ulit na inistrayk ng militar ang yunit ng BHB noong nagsasagawa ito ng *relief operation* sa Brgy. Avocado. Ilan sa mga taumbaryo ang lumapit sa BHB upang i-ulat ang pambabanta at panunuhol ng AFP upang ituro kung sinu-sino sa komunidad ang kasapi at tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Ngunit sa pamamagitan ng pagkokonsolida sa taumbaryo at mahusay na pagsasapraktika ng taktikang gerilya, naingatan ng BHB ang kaligtasan ng kanilang yunit at ng masang nakapalibot sa kanila.

*"Kilala ng masang Bikolano kung sino ang tunay na hukbong magtatanggol sa kanila. Dahil dito, hindi kailanman magtatagumpay ang militar, anumang porma ng paninindak ang gamitin nila,"* pagtatapos ni Ka Dana.

## Tarabangan sa Loob ng Rebolusyonaryong Kilusan sa Panahon ng Kalamidad

Disyembre 2015 sinalanta ng bagyong Nina ang Kabikulan.  Isa ang Baryo Mangga sa mga komunidad na pinadapa ng bagyong ito. Sa lakas ng hangin, parang mapuputol habang tinutupi at binabatak ang mga puno ng niyog. Nabungkal at linipad din ang mga yerong bubong ng mga kabahayan. Maraming linipad na mga kagamitan, dingding at mga tanim na naputol o dumapa. Umapaw ang mga ilog at inabot ang mga bahay ng masa sa baryo.

Kinabukasan, bumungad ang nagkalat na mga kagamitan, nasirang mga bahay at kabuhayan ng mamamayan. Nagsitakbuhan ang mga tao, bata man o matanda, sa mga bundok para maisalba ang mga niyog na linaglag ng bagyong Nina. Nakita nilang parang mga higanteng kandila ang mga niyog na itinira ng bagyong Nina - nalagas ang mga dahon at wala na ang mga bunga.

Napakalaki ng epekto ng bagyong ito sa kabuhayan ng mga magsasaka. Kahit pa magmahal ang presyo ng kilo ng kopra mula P17 hanggang P45, wala ring kwenta dahil wala namang niyog na maibebenta. Maghihintay pa sila ng tatlo hanggang limang taon bago mamunga muli ang mga niyog. Pagdating ng panahon na iyon, mura na uli ang kilo ng kopra.  Kaya para sa mga magniniyog na nakaasa rito, nang mamatay ang mga tanim nila, ipinagbili ng mga may-ari ng lupa ang mga puno para gawing *coco lumber.* May mga magsasakang nag-aral mag-*chainsaw* para sa pansamantalang



trabahong ito. Ang iba naman, nagpa-Maynila na lang para mamasukan bilang *construction worker, boy* sa *bakery,* katulong at iba pa.

### Hukbo at Masa: Pwersang hindi matitibag ng anumang bagyo

Sa ganitong mga gipit at mapanubok na pagkakataon tumitingkad ang pangangailangan ng tulungan ng masa at hukbo.

Sa Baryo Mangga, ito ang panahong naipakita ng mga kasama na *rain or shine*, tuloy ang rebolusyonaryong gawain ng pagtulong sa masa. Bagamat mayroon na silang nakaplanong aktibidad ay ipinihit nila ang mga ito upang makaayuda sa masa.

Pinulong ng mga kasama ang mga nasa Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) upang higit na pasiglahin ang mga kooperatiba at hikayatin silang magbuo ng mga grupong tulungan.  Sa pulong na ito, binigyan diin ang halaga ng pagpapasigla ng kooperatiba at pagbuo ng mga grupong tulungan bilang tugon sa kawalan ng kabuhayan ng mga tao. Sumang-ayon naman ang mga nasa SPL kung kaya't agad na ipinatupad ang mga napag-usapan. Matapos ang ilang pagtatasa at paglalagom na kinakailangan, lumarga na ang kampanya sa kolektibong produksyon.

Mabilis na nasaksihan at naranasan ng mga magsasaka sa kooperatiba ang bunga ng kanilang kapaguran. Namunga ang mga gulay at palay. Sa paglipas ng panahon, batay sa mga napagkasunduan naisagawa ng mga magsasaka sa kooperatiba ang karampatan hatian sa produksyon. Nakapagbenta pa nga sila ng sobrang gulay. Ganoon din ang ginawa sa naitayong mga *fish pond* at babuyan.

Kasabay ng pagsulong ng mga kooperatiba at grupong tulungan, umabante rin ang mga aktibidad na ambag ng mga kasama sa komunidad. Pinagtuunan ng mga kasapi ng BHB ang mabilis na rehabilitasyon ng mga nasirang bahay ng masa sa loob ng isang buwan. Nagbuo ng isang tim ng mga BHB na tututok sa gawaing ito. Nakatuwang nila ang mga kasapi ng SPL at organisasyon ng magsasaka sa baryo para maitayo ang mga nasirang bahay.  Bukod sa Baryo Mangga ay kumalas rin ang tim na ito at nakarami ng mga baryong nangailangan ng kanilang tulong.

Ang natirang mga kasama naman na nag-gagawaing masa ay tumulong din sa mga binabasehan nilang mga bahay ng masa. Tuwang-tuwa ang lahat tuwing nakikita ang sama-samang pagkilos ng masa at mga kasama sa paghahakot ng anahaw, pagtitiklad, pagputol ng kahoy para gawing tabla at pagkakarpintero. Bilang pasasalamat ay nagluluto ang masa ng pagkaing pagsasaluhan ng mga nagsitrabaho sa bahay nila.

**Sa pagkakataong ito, naipakita ng mga kasama na rain or shine, tuloy ang rebolusyonaryong gawain ng pagtulong sa masa.**

Sa gitna ng mga pag-aabalang ito, nangako ang lokal na pamahalaan ng tulong sa mga mamamayang nasalanta ng bagyo. May mga nagbigay ng *relief* sa baryo na idinaan sa mga *barangay council.* Ngunit, madalas may nakakapagkwento na may ilang hindi naabutan ng ayuda. Kakaunti ang dumating na tulong at yaong malalapit lang sa upisyal ng barangay ang nakinabang. May ilang maswerteng naabutan ng pera para sa pagpapagawa ng bahay pero hindi ito sapat. Walang ibinigay na pondo para mai-ahon ng mga magsasaka ang kanilang kabuhayan.

### Tuluy-tuloy sa pagsulong

Dahil sa naging tagumpay ng karanasan nilang iyon matapos ang bagyong Nina, nagpatuloy ang masa sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng kanilang kooperatiba.

Nang tumama sa bansa ang Covid-19 at magka-*lockdown* noong nakaraang Marso 2020, tumingkad ang pakinabang ng mga magsasaka sa kanilang pinapaganang kooperatiba sa pagsustine ng kanilang kabuhayan. Kakarampot lang naman ang Social Amelioration Program (SAP) na ipinamimigay ng reaksyunaryong gubyerno.

Tiyak na hindi nito kayang tustusan ang pangangailangan ng mga pamilya na maaaring nakapangutang sa panahong wala pa ang SAP.

**Ang pag-asa sa sarili ang sumustine sa mga magsasaka sa mga liblib na komunidad. Ito rin ang pinagmulan ng tulong na tumungo sa sentro. Dahil may sobra sa mga produkto ng mga kooperatiba at grupong tulungan, nakapag-ambag ang mga organisasyong masa ng bigas at gulay hanggang sa mga komunidad sa syudad. Sa pamamagitan ng kooperasyon at koordinasyon, nakarating sa maliliit na komunidad sa syudad ang ayudang galing sa pinagalan ng mga magsasaka.**

**Ang tarabangan sa loob ng rebolusyonaryong kilusang isinabuhay sa karanasan ng Baryo Mangga sa panahon ng bagyong Nina ay pasilip sa isang tipo ng ekonomyang nakaaasa-sa-sarili. Ang kolektibo at planadong pagharap sa mga kalamidad ang siyang tumutugon sa mga pangangailangan ng taumbayan. Isa itong halimbawang kailangang linangin ng bawat isang naghahangad ng isang lipunang tunay na nagsisilbi sa interes ng sambayanan. Sa pagtanaw sa Pulang bukas, hindi na makararamdam ng pangamba ang mamamayan tuwing sasapit ang mga kalamidad. May lakas ng loob na silang lumabas sa kanilang mga tahanan. Panatag na maitatayong muli ang kanilang mga nasirang bahay at hindi kailangang mangambang magugutom sa mga susunod na araw. May pag-asa dahil sa pagtarabangan ng masa at ng mga kasama.**

## Pag-ahon at Paglaban: Kwento ng Pagharap sa Kalamidad at Sakuna ng Dazhai

Sa pagtatapos ng taong 2020, bukod sa Covid-19 ay sinalanta din ang bansa ng mga lindol at hindi bababa sa 22 bagyo. Nagdulot ng labis-labis na kahirapan sa mamamayan ang taong ito magmula sa sakuna ng *lockdown* na nagdulot ng kawalan ng trabaho, kabuhayan at pumigil sa kalayaang kumilos ng mamamayan hanggang sa pagkasira ng mga tahanan, taniman at buhay ng mamamayang Pilipino.

Marami ang nagsasabing matatag ang mamamayang Pilipino at kaya ang anumang sakunang dumating. Patunay dito ang mahabang kasaysaysan ng pagkawasak dulot ng mga gera, malulubhang bagyo at baha, lindol at higit sa lahat - mga pampulitikang delubyo tulad ng diktadura at pasismo ng nagpapapalit-palit na rehimen at pang-ekonomyang hagupit ng imperyalismo.

Nagpapatuloy ang paglaban ng mamamayang Pilipino sa ganitong reyalidad sa kasalukuyang rebolusyon na kanyang ilinulunsad. Nasa yugto ito ngayon ng pagpapalakas ng demokratikong rebolusyong bayan upang maabot ang sosyalismo sa hinaharap. Naniniwala ang mamamayang Pilipino na ang sosyalismo ang lalong magpapatibay sa kanilang pagkakaisa at lakas upang higit na maging handa sa pagharap ng anumang sakunang sasapit pa sa kanila.

Ito ang aral na ibinibigay ng tagumpay ng Rebolusyong Tsino. Binuklod ng Partido Komunista ang mamamayan upang buong-tatag na maharap at mapangibabawan ang lahat ng mga suliranin



na kanilang mararanasan. Higit sa lahat, upang ihanda ang mamamayan sa mga hamon ng pagtatayo at pagpapagana ng demokratikong gubyernong magsisilbi sa kanila.

### Papel ng Magsasaka sa Rebolusyon

Bago nagwagi ang Rebolusyon ng Partido Komunista ng Tsina, dumaan muna ang mamamayang Tsino sa matinding paghihirap at pagsasamantala, masalimuot na pakikidigma sa mga imperyo, *warlords* at mga dayuhang mananakop na nangolonya sa bansang Tsina. Sa pagsulong ng Rebolusyon, dahil sa matamang pag-unawa ni Mao Zedong sa mga isinulat nina Karl Marx at Vladimir Lenin, binigyan niya nang nararapat na halaga ang papel ng magsasaka sa kanilang pagkamit ng kalayaan mula sa matinding pang-aapi at pagdaralita.

Naging bahagi ng pakikidigma ang pagpapalaya sa mga magsasaka mula sa mahihigpit at despotikong malalaking panginoong maylupa sa iba't ibang prubinsya ng Tsina. Itinuon nila ang silbi ng produksyon sa pagpapakain ng mamamayang dumaranas noon ng matinding kagutuman dahil sa kawalan ng lupang matatamnan at sari-saring sakuna. Dito rin nanggaling ang pagkaing bumuhay sa mga yunit ng rebolusyonaryong hukbo ng Partido Komunista ng Tsina - ang People's Liberation Army (PLA).

Bahagi ng makulay na kwento ng pakikibakang ito ang karanasan ng mamamayan ng Dazhai, isang bayan sa prubinsya ng Shanxi sa dakong hilagang silangan ng Tsina. Sa kanilang pagsisikap, naabot nila ang pinakamaunlad na ekonomya na nagligtas sa kanila sa walang patlang na kagutuman na dinulot ng pamumuno ng mga naunang kaharian at gubyerno bago nagtagumpay ang sosyalistang rebolusyon ng Tsina.

### Tatag sa Sakripisyo

Ang Dazhai ay napapaligiran ng mga bundok tulad ng Den Wolf Ravine at Tigerhead Mountain. Kulay dilaw ang lupa rito. Kapag umuulan madalas silang bahain at tinatangay ng malakas na agos ng tubig ang lupa na nagdudulot ng pagkabitak sa mga bundok. Hindi nakapagtatakang halos hindi mabuhay ang mamamayan sa lugar na ito.

Ngunit dahil sa kanilang pagkakaisa at pagtutulungan, kagyat silang nakatugon nang manawagan ang bagong tatag na People's Republic of China na maging aktibo sa produksyon.

Naitayo ng mga taga-Dazhai ang mga kooperatiba at komuna sa kanilang komunidad. Sa kanilang mahusay na paglinang sa lupang halos hindi matamnan noon, nakapagtayo sila ng 1,700 matitibay na mga payao sa mga bundok. Upang makaiwas sa matinding pagbaha, nakabuo sila ng 180 korteng arkong dam na gawa sa bato. Natuklasan din nila ang mahusay na paggawa ng lupang tinatawag na *"sponge"*. Ito ay lupang sumisipsip ng tubig upang sa panahon naman ng tagtuyot ay mapanatili nila ang irigasyon sa kanilang mga taniman. Tumaas at namantine nila ang malakas na produksyon na tumiyak ng kanilang pangkonsumo, pangbenta sa gubyerno at reserbang pagkain para sa panahon ng kalamidad at iba pang pangangailangan ng mamamayan ng Dazhai.



Hindi madali para sa kanilang gawin ang lahat ng ito. Kinailangan ng matinding pagpupursige, disiplina at mahusay na pamumuno ng kolektibo upang lahat ng mga nakatira sa maliit na bayang ito ay mahikayat na kumilos hindi lang para sa

sarili kundi para sa kapakanan ng lahat. Ang naging islogan nila,

*"Sumalig sa sariling lakas! Ipauna ang kapakanan ng nakararami habang ipahuli ang sariling interes! Sumalig sa maralita at nakababababang panggitnang magsasaka!"*

Sa huli, nakamit ng mamamayan ng Dazhai ang mga tagumpay ng kanilang mga pinaghirapan. Ngunit hindi sa lahat ng panahon ay naging malumanay ang daloy ng buhay ng mamamayan ng tinaguriang modelo sa agrikultura ng Tsina. Ilang ulit din silang pinanday ng sunud-sunod na mga pagsubok.

## Pagsubok muli

Noong Setyembre 1963 dinanas ng mga taga-Dazhai ang pitong araw at pitong gabi ng ulan. Nasira ang kanilang mga pananim at tahanang mala-kweba. Ngunit walang nasaktan o namatay. Naisalba pa nila ang mga alagang hayop at halos lahat ng mga naitago nilang palay at binhi.

Para sa lider nilang si Chen Yonggui, hindi dapat malungkot ang kanyang mga kababayan sa pangyayari. Dapat pa nga silang magbunyi dahil wala sa kanilang namatay at mayroon pang natira sa kanilang pangkonsumo. Dahil dito, nahikayat ni Chen ang kanyang mga kababayan na magtrabahong muli upang itayo ang "Bagong Dazhai."

Nagsimula sila sa pagtatakda ng mga iskwad upang magampanan ang mga dapat nilang matrabaho. Ang unang iskwad na binuo ng 60% ng mga magsasaka sa bayan ay nagtayo ng mga natumbang pananim at nagsaayos ng bukid. Ihinanda din nila ang mga bakanteng lote para pagtaniman ng *cereal.* Ang pangalawang iskwad naman na binuo ng 20% ng mga magsasaka ay tinoka sa pagputol ng mga damo tulad ng artamisa para gamiting kompost na magagamit sa susunod nilang produksyon. Ang natirang 20% ng mga magsasaka ay pinagbiyak ng mga bato, pinagluto ng mga tisa at pinagsunog ng apog para naman sa pagtatayong muli ng mga bahay.

Ang naging hatian nila ng trabaho ay ganito: sa araw may gawaing produksyon at



sa gabi naman itatayo nila ang mga bahay. Ipinanawagan nila sa lahat na,

*"Magtrabaho nang maigi! Magtrabaho nang higit pa sa dati! Magtrabaho hanggang sa panahong kakayanin pa!"*

## Pag-asa sa Sarili

Sa mga panahong iyon, natutunan nila ang kawastuhan ng pagtitipid bagamat inabot na nila ang maalwang buhay. Noon ding panahong iyon, marami ang nagpaabot ng kanilang pakikiisa at nag-alok ng tulong materyal at pinansyal mula sa ibang mauunlad na komunidad. Para kay Chen Yonggui, maganda ito ngunit pinili niyang tanggapin ang mga sulat ng pagsuporta kaysa tanggapin ang tulong materyal at pinansyal.

Sa isang pulong, nalaman ito ng mga kababayan ni Chen. Nagdulot ito sa kanila ng pagkalito. Bakit nila tatanggihan ang alok na biyaya? Hindi naman nila ito hiningi kundi kusang ibinibigay sa kanila. Ayon kay Chen, hindi lang sila ang dumanas ng matinding sakuna, marami pa ang marahil higit na malala ang dinanas. Naipakita ng mamamayan ng Dazhai na kinaya nilang

angkupan ang sakuna - walang namatay, nailigtas ang mga alagang hayop at may sapat silang reserba ng pangkonsumong nailigtas. Marapat na ang mga komunidad na maliliit pa ang kooperatiba ang makinabang sa tulong materyal at pinansyal na inaalok sa kanila. Sumang-ayon at tumalima ang mga kasapi ng komuna sa desisyon ni Chen.

Lubos pang ipinaliwanag ni Chen Yonggui ang kawastuhan ng gayong aktitud sa kanyang isinulat na 10 Benepisyo ng Pag-asa sa Sarili:

*1) Ang anumang magagawa mo mag-isa nang hindi umaasa sa estado ay makatutulong sa estado at sa anumang panig na may sosyalistang konstruksyon. Makikinabang dito ang buong bansa.*

*2) Dahil sa pag-asa sa sarili, mapapangibabawan ang kahirapan. Maipamamalas mo ang higit na lakas ng kolektibisasyon at matutulungan ang ibang kilalanin ang kolektibo. Makikinabang dito ang komunidad at ang komuna.*

*3) Ang pag-asa sa sarili ay humahamon sa indibidwal na magtrabaho nang lubusan para sa pag-unlad ng bansa at itinutulak silang mapangibabawan ang lahat ng paghihirap. Makikinabang dito ang bawat indibidwal sa komuna.*

*4) Ang pag-igpaw sa isang natural na kalamidad sa pamamagitan ng pag-asa sa sarili ay nagpapatunay na ang kolektibong ekonomya ay nasa maayos at estableng kalagayan. Malaking pakinabang ito sa pag-unlad ng mga hangarin ng kumikilos na mamamayan habang binubura ang arogansya ng mga kalaban sa uri.*

*5) Tumutulong sa pagsasanay ng mga kadre ang pag-asa sa sarili. Pinauunlad nito ang kanilang kakayahan sa pangangatwiran at kapasidad sa pagresolba ng mga suliranin sa pamamagitan ng lapat sa karanasang edukasyon at praktikal na pagsasanay. Natututo sa pamamagitan ng paggawa. Tinutulungan nitong umunlad ang mga kadre.*

*6) Ang pangingibabaw sa kalamidad sa pamamagitan ng pag-asa sa sarili ay hihikayat sa ating kalapit na brigadang pangibabawan ang sarili nilang paghihirap. Makatutulong ito sa rebolusyonaryong pagpursige na matuto, mag-isip at kumilos nang pasulong.*

*7) Ang pag-ahon sa mga kahirapan sa pamamagitan ng pag-asa sa sarili ay magtutulak sa tapang ng mga kasapi ng komuna na harapin ang kanilang mga problema nang walang takot. Itinataas nito ang kanilang abilidad na labanan ang mga natural na kalamidad. Sa hinaharap, Makabubuti ito sa kanilang pakikibaka laban sa mga natural na sakuna at magbibigay sa kanila ng pagkakataong magkaroon ng higit na maunlad na ani.*

*8) Ang pag-asa sa sarili ay makatutulong sa pagkonsolida ng Komun ng Mamamayan. Ang komuna ng Dazhai ay may 23 brigada ng produksyon. Lahat sila ay nagdusa sa matinding baha ngayong taon. Marami sa kanila ay higit na kaunti ang rekurso kaysa sa Brigada ng Dazhai. Malala ang kanilang kalagayan kaysa sa atin. Kung hindi natin tatanggapin ang tulong pinansya o palay mula sa estado, lalaki ang tulong para sa iba pang brigadang nahaharap sa higit na malalang kalagayan. Maipakikita nito ang bentahe ng mga komuna sa pangkalahatan. Sa partikular, maitataas pa ang pagkakaisa sa loob ng komuna ng Dazhai. Magdudulot ito ng higit na mataas na produksyon sa buong komuna.*



*9) Makikinabang sa pag-asa sa sarili ang*

***pagsasanay ng mga susunod na lider para sa rebolusyonaryong layunin. Lumaki ang kabataan ngayon na nakinabang sa pagod ng kanilang mga magulang. Hindi sila lumaki sa paraang gaya natin. Hindi sila dumanas ng hirap gaya ng dinanas natin. Kung aasa tayo sa tulong ng iba, ganoon din ang gagawin ng mga kabataang ito. Ngunit kung gagabayan natin silang umaasa sa sarili para maresolba ang kanilang mga problema, makatutulong ito para higit silang maging matibay at lumaking maaasahang tagapagmana na magpapatuloy ng layunin ng proletaryadong rebolusyon.***

***10) Malaking pakinabang sa pag-unlad ng Brigada ng Dazhai ang pag-asa sa sarili. Titiyakin nitong patuloy na susunod ang Dazhai sa rebolusyonaryong daan ni Chairman Mao.***



Isinapuso ng bawat isa sa komuna ng Dazhai ang sinulat na ito ni Chen Yonggui. Matapos itong aprubahan ng sangay ng Partido ng Dazhai, nailathala rin ito sa pambansang pahayagan at nabasa sa iba't ibang bahagi ng Tsina.

Sa karanasan ng Dazhai sa isang bansang nagtatayo noon ng sosyalismo, napatunayan na ang tatag at tibay ng kolektibo ang magpapamalas sa kung ano pa ang kaya nilang gawin at pangibabawan. Makikita rito ang tagumpay ng mamamayan. Hindi sila kayang gapiin ng anumang kalamidad, delubyo, diktadura o hagupit ng imperyalismo.

Ang aral na ito ay aral din ng rebolusyong Pilipino. Hindi lang indibidwal na tatag o tibay ang magliligtas sa sinuman mula sa lubos na pagkagupo sa anumang sakuna. Ang pagiging kolektibisado, organisado at handa ng mamamayan ang higit na magpapamalas kung gaano katatag at katibay ang mamamayang Pilipino.

Tiyak na mayroong higit na matindi pang mga kalamidad at sakunang darating sa bansa at buong daigdig. Ngayon pa lang naipamamalas na ng sambayanang Pilipino ang kanilang lakas sa pamamagitan ng mga organisasyong nagbibigkis sa kanila laban sa mga sakunang dumating at darating pa. Nakapagtayo na ang rebolusyonaryong kilusan ng mga grupong tulungan at mga kooperatiba na nakatulong para maharap ng mamamayang ang pang-ekonomyang pagdausdos dulot ng *lockdown* ng Covid-19. Sa mga komunidad sa kanayunan, nariyan ang Pulang hukbo na nagbigay ayuda upang muling maitayo ang mga tahanan at kabuhayang nasira ng bagyo, baha at lindol.

**Masusubok pa ang mga ito. Dapat maipagpatuloy at mapaunlad pa ang mga organisasyon at ang kolektibong pagkakaisa upang mapaghandaan ang higit na malalaking delubyo. Dapat ibayong paunlarin ang pagkakaisang ito upang makamit ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino laban sa mapang-api at mapagsamantala.**

**Magkalda sa Tingating! Isulong ang Rebolusyong Agraryo! Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan!**